¡Colorín colorado!



MGA TIPS PARA SA MGA PAMILYA

# Tulungan ang Iyong Anak na Makapagbasa

*Ang mga guro ng iyong mga anak ay nagsusumikap upang turuan silang makapagbasa. Madaming bagay ang maaari mong gawin sa bahay upang ikaw rin ay makatulong. Naririto ang iilang ideya upang ika'y makapagsimula.*

## 1 Kausapin ang iyong anak gamit ang wika sa inyong tahanan.

Kaya ng mga batang matuto ng madaming wika ng sabay. Ang paggamit ng inyong wika sa tahanan ay hindi nila ikalilito kahit sila'y magsalita ng Ingles!

## 2 Sabihin sa iyong anak ang mga benepisyo ng pagiging bilinggwal:

- Isang matibay na koneksyon sa pamilya at kultura
- Mas maraming oportunidad para sa edukasyon, karera at paglalakbay
- Habambuhay na mga benepisyo para sa utak

## 3 Magbahagi ng mga kwento, kanta, laro at mga tula mula sa iyong kultura.

Gusto ng mga bata ang mga kwento! Magbahagi ng mga kwento tungkol sa pamilya pati na din mga kanta, laro at tula mula sa iyong pagkabata.

## 4 Magbahagi ng mga espesyal na tradisyon at resipi mula sa iyong tahanan.

Pag-usapan ang mga importanteng mga tradisyon mula sa iyong kultura at pumili ng mga espesyal na resipi at gawin ito ng magkasama.

## 5 Kamustahin ang araw ng iyong mga anak.

Magpakwento tungkol sa kung ano ang kanilang na-enjoy, kung saan sila nahirapan o kung ano ang kanilang natutunan.

## 6 Hikayatin ang iyong anak na magsulat araw-araw.

Magpatulong sa iyong anak sa paglilista ng mga kailangan sa pamilihan o mensahe para sa isang kamag-anak. Maaari silang magsulat ng mensahe na text, isang email sa kompyuter, o sulat-kamay na mensahe sa papel.

## 7 Pakinggan ang iyong anak na magbasa ng malakas.

Sabihin sa iyong anak na basahan ka mula sa isang libro, sa iyong telepono o mga tatak sa iyong mga pinamili.

## 8 Kung kayo ay walang serbisyo ng Internet, maaari kang:

- Mag-sign up para sa libreng library card upang makapagdownload ng mga e-book
- Maghanap ng mga website na pang-edukasyon, bidyo at app

Mga ilustrasyon ni Rafael López

**Para sa mga karagdagang ideya...**
ColorinColorado.org/reading

aft